# INDEKS

PAG-AARAL AT PAGSUSURI SA MGA PANLIPUNANG ISYU AT KALAGAYAN



# Salin ng piling mga pahayag ni JMS

# PAUNANG SALITA

Inililimbag ng KARED-TK ang INDEKS Tomo 2, Bilang 1, corrected version, na naglalaman ng kompilasyon ng mga piling pahayag at mga talumpati ni Kasamang Jose Maria Sison mula Oktubre 2019 hanggang Abril 2020 hinggil kay Duterte; hinggil sa imperyalismo; hinggil sa peace talks at hinggil sa rebolusyong Pilipino. Lahat ng mga pahayag at talumpati ay malayang salin ng KARED-TK maliban sa dalawang artikulo na Paigtingin ang pakikibaka laban sa rehimeng Duterte, isulong ang kilusang pambansa- demokratiko ng bayan (Disyembre 14, 2019) at Mag-aral ng MKLRP para maging matatag at militante sa pakikibaka: Pagbati sa launching ng ika-4 na edisyon ng MKLRP (Oktubre 12, 2019) at ang buong seksyon ng hinggil sa Peace Talks na upisyal na salin ng PAKED-KAWSA nitong Setyembre 2021 na ipinalit sa salin ng KARED-TK.

Papailalim ito sa anumang upisyal na pagsasaling ilalabas ng Komite Sentral ng Partido, National Democratic Front of the Philippines, PAKED, Pambansang Komisyon sa Propaganda at iba pang pambansang organo ng Partido.

Ang pagsisikap na ito ng KARED-TK sa ilalim ng Komiteng Rehiyon ng Timog Katagalugan ay pagtugon sa panawagan ng pambansang sentro (KTKS) na isalin ang mga makabuluhan at napapanahong mga pahayag at artikulo para patuloy na maitaas ang pampulitikang kamalayan ng Partido, Hukbo at baseng masa; maging sandatang kaalaman sa gawaing pagpukaw at pulitikalisasyon sa malawak na masa ng sambayanan, at paghikayat sa patuloy na pag-aaral sa kalagayan ng lipunan at mga tungkulin ng rebolusyon.

Maliban sa mga salin ng mga piling pahayag ni JMS, gumawa rin ang KARED-TK ng kaukulang mga gabay sa pagtalakay/*discussion points* (INDEKS Talk) para makatulong sa ating mga propagandista, organisador at mga edukador at mapasigla at mapaunlad pa ang ating mga rebolusyonaryong gawain.


Tatanggap din ang KARED-TK ng mga komento at/o mungkahi sa pagpapaunlad pa ng gawain sa pagsasalin at gayundin sa binalangkas na mga gabay sa pagtalakay. Maraming salamat.

Mula sa Patnugutan ng INDEKS Oktubre 2021

2

# JMS

## hinggil sa Imperyalismo



# NILALAMAN:

MGA IMPERYALISTANG PAMBUBUYO AT PAGPAPASIMUNO NG CHINA KAUGNAY NG US AT IBA PANG MGA IMPERYALISTANG KAPANGYARIHAN 2
Oktubre 26, 2019

BANGKAROTE AT PABAGSAK NA ANG PANDAIGDIGANG SISTEMANG KAPITALISTA, AT ITO ANG DAHILAN NG PAGLAKAS NG PANDAIGDIGANG PROLETARYONG REBOLUSYON 9
Disyembre 21, 2019

SUMULONG SA PANDAIGDIGANG PROLETARYONG REBOLUSYON LABAN SA IMPERYALISMO, PASISMO AT SA LAHAT NG REAKSYON 14

MGA TERORISTANG KRIMEN NI TRUMP AT NG IMPERYALISMONG US ANG NAGTUTULAK SA MAMAMAYAN NG MIDDLE EAST NA LUMABAN SA KANILA 17
Enero 7, 2020

HINGGIL SA PANDAIGDIGANG SITWASYON, PANDEMYANG COVID-19 AT ANG TUGON NG MAMAMAYAN 19
Abril 9, 2020

Ang INDEKS ang opisyal na publikasyon ng KARED-TK na naglalaman ng mga pantulong na babasahin para sa mga edukador at propagandista sa rehiyong Timog Katagalugan.

# MGA IMPERYALISTANG PAMBUBUYO AT PAGPAPASIMUNO NG CHINA KAUGNAY NG US AT IBA PANG MGA IMPERYALISTANG KAPANGYARIHAN

Pangunahing Mensahe sa Kumperensya sa Pag-aaral:
Pagtatanggol sa Soberanya ng Ikaanim na Komisyon ng ILPS
26 OKTUBRE 2019

Mga Kasama at Kaibigan,

Una, hayaan nyong pasalamatan ko si Ka Paeng (Rafael Mariano) at ang Ikaanim na Komisyon ng ILPS sa pag-iimbita sa akin na magbigay ng mensaheng ito.

Pinakamainit na pagbati ng pakikiisa ang inihahatid ko sa lahat ng mga kalahok sa kumperensya sa pag-aaral na ito na pinamagatang, "Pagtatanggol sa Soberanya" at pagtutok sa China bilang isang umuusbong na imperyalistang kapangyarihan. Lahat tayo ay nagkakaisa sa anti-imperyalista at demokratikong mga pakikibaka ng mamamayan ng daigdig.

Batid ko na ang kumperensya ninyo ay kinapapalooban ng mga kinatawan ng *non-governmental* na mga grupo at tao mula sa mga bansang tulad ng Pakistan, India, Malaysia, Sri Lanka, Laos, Myanmar, Cambodia, Indonesia at ng Pilipinas. Lahat kayo ay nag-aalala sa humahabang galamay ng monopolyo kapitalismo ng China.

**Tinatahak ng China ang landas ng kapitalismo at imperyalismo**

Kagyat matapos ang pagkamatay ni dakilang Mao noong 1976, nagkudeta ang mga naglalandas-kapitalista na pinamumunuan ni Deng Xiaoping upang maibagsak ang mga proletaryado sa China. Inaresto at ikinulong ang mga proletaryong rebolusyonaryo sa Komite Sentral at mga nakabababang organo ng Partido Komunista ng China. Nilusaw ang mga rebolusyonaryong komiteng nilikha ng Dakilang Proletaryong Rebolusyong Pangkultura (DPRK).

Sa mabilisang pangyayari, idineklara ang DPRK na isang lubos na kabiguan, kinontrol ng mga naglalandas-kapitalista ang mga empresang pag-aari ng estado, binuwag ang sistemang komuna, isinapribado ang mga industriya sa

kanayunan at hinayaan ang mga dating malalaking burgesya at mga bagong pribadong negosyante na magkaroon ng akses sa pondo ng mga bangkong pag-aari ng estado. Sa batayan ng sosyalistang konstruksyon na nakamit nito sa nakaraan, naging monopolyo kapitalista ang ekonomya ng China, kung saan ang sektor ng estado ang namumuno sa pribadong sektor.

Ipinatupad at itinulak noong 1978 ang polisiya ni Deng ng mga kapitalistang reporma at ang pagbubukas sa pandaigdigang sistemang kapitalista. Ipinaubaya ng US ang *consumer manufactures* sa China at nagbigay ng mga mababang klase ng teknolohiya para sa mga *sweat shops*. Noong dekada 1980, nagluwas ang China ng malaking halaga ng manupaktura ng mga produktong pangkonsumo pangunahin sa US at sumandig sa mga dayuhang pamumuhunan at mga surplas sa kalakalan bilang pangunahing dahilan ng pag-unlad ng kapitalistang ekonomya at sistemang pinansyal ng China.

Tinulak ng China ang paglakas ng publiko at pribadong konstruksyon. Sa huli, nagresulta ito sa korupsyon sa pribadong akwisisyon ng mga publikong lupain at pagkakaloob ng mga pautang ng estado at iba pang mga pribilehiyo sa negosyo, at ng implasyon ng presyo ng mga pagkain habang lumalaki ang halaga ng pagkaing kailangan sa paglakas ng konstruksyon at manupaktura. Kaya, lumitaw ang korupsyon at implasyon bilang mga pangunahing usaping pang-ekonomya sa mga pag-aalsang masa ng mga kabataan at manggagawa sa Tienanmen Square sa Beijing at sa maraming mga lungsod sa China noong 1989.

Sa huling bahagi ng dekada 1980, itinayo ng China kapwa ang kapitalismo ng estado at pribadong kapitalismo sa pamamagitan ng pagpiga ng dambuhalang tubo sa murang paggawa ng mga Chinese. Tiniyak ng sektor ng estado ang sarili nitong pagmumulan ng yaman para sa pagkakamit ng mga pang-ekonomiko at estratehikong mga layunin, at mabilis na umunlad ang pribadong sektor dahil sa mga pautang at murang mga hilaw na materyales mula sa sektor ng estado. Mabilis na lumaki ang GDP ng China pero ang indibidwal na kita ng mamamayang Tsino ay nanatiling mababa kumpara sa ibang bansang industriyal-kapitalista.

Mula sa pangunahing nagpapautang sa pagsisimula ng dekada ‘80, bumagsak ang US sa pagiging pinakamalaking mangungutang sa pagtatapos ng dekada. Pinahina mismo ng US ang sariling ekonomya sa pagpapakontrata ng manupaktura ng mga produktong pangkonsumo. Bagamat pinalaki ng China ang sarili nitong publikong utang, naging mayor itong nagpapautang sa US sa

pamamagitan ng paggamit ng bahagi ng kanyang kita sa kalakalan sa pagbili ng US *securities*.

Ang resyo ng populasyon ng China sa lupang agrikultural ay napakataas at nananatiling malaking problema. Kailangang pakainin ng China ang 20% ng populasyon ng daigdig gamit ang pitong porsyento ng lupang agrikultural ng daigdig. Para palalain ang pagbubuwag sa sistemang komuna, nilamon na rin ng mabilisang industriyalisasyon at pagpapaunlad ng real estate ang mga lupang agrikultural. Pero nagamit pa ng China ang kita nito mula sa eksport ng mga produktong manupaktura para makapag-import ng pagkain at para makaupa o makabili ng lupa sa ibayong dagat upang mapunuan ang kakapusan nito sa pagkain.

**Ang China bilang pangunahing kasosyo ng US sa neoliberal na globalisasyon**

Mula noong dekada 1980, naging malaking kasosyo ng US ang China sa neoliberal na globalisasyon. Pero noong mga taon ng 1990 at pagkatapos, magiging pangunahing kasosyo na ito ng US. Mas nagbukas ito na maging kasosyo ng US at nag-anyaya ng mga dayuhang pamumuhunan sa bansa nito matapos ang pag-aalsang masa noong 1989. Nahikayat din ang US na itaguyod ang kapitalismo sa dating sosyalistang mga bansa matapos ang pagbuwag sa Unyong Sobyet noong 1991.

Hinimok nito ang China na sumapi sa World Trade Organization (WTO) at lalo pang isapribado ang mga empresang pagmamay-ari ng estado kapalit ng pinalaking mga pamumuhunan ng US, paglipat ng teknolohiya at lalo pang akomodasyon sa kalakalan. Tumupad ang China sa mga kahilingan ng US na ikinalugod nito. Binawasan nito ang bilang ng mga korporasyon ng estado kumpara sa mga pribadong korporasyon pero ang una ay patuloy na nagdomina sa sektor ng ekonomya na mahalaga sa estratehikong layunin sa ekonomya at seguridad.

Pinahintulutan ng US ang China para mapaunlad ang sariling ekonomya yayamang ang US ay tiwalang nagkokonsentra sa paglikha ng mga malalaking produkto, pinansyalisasyon ng ekonomya nito at nasa rurok ng paglakas ng *high-tech* nito sa buong dekada ng 1990. Dahil nababahala sa pagpapalawak ng NATO, itinayo ng China at Russia ang Shanghai Cooperation Organization noong 2001 bilang isang alyansa sa ekonomya, pulitika at seguridad.

Gayunman, pinahintulutan nila ang mga gerang agresyon ng mga pwersang

koalisyong pinamumunuan ng US laban sa Iraq noong 1991 gayundin noong Marso 2003 hanggang Disyembre 2011 kahit pa pinagmayabang ng US ang neokonserbatibong polisiya ng lahatang-panig na pangingibabaw sa ika-21 siglo. Ganoon pa man, itinatag ng China ang BRICS noong 2010 bilang isang blokeng ekonomiko para kontrahin ang pinakamasasamang patakaran ng mga *multilateral* na ahensyang kontrolado ng US at samantalahin ang pagkatali ng US sa mga gera sa Gitnang Silangan.

Kaya pa tinatamasa nya ang pusisyonng pagiging panalo sa Cold War at nag-iisang *superpower*, nagpatuloy ang estratehikong paghina ng US dahil sa paggasta ng trilyun-trilyong dolyar sa mga gerang agresyon (Afghanistan, Iraq, Yugoslavia at sa iba) at pagdurusa ng serye ng mga pag-atras ng ekonomya kabilang ang krisis ng labis na produksyon sa mga *high-tech* na produkto noong 2000 at  mga *mortgage meltdown* noong 2006 na humantong sa pandaigdigang na krisis sa pinansya noong 2008.

Mula 2008, bumilis ang estratehikong paghina ng US sa humabang istagnasyon ng ekonomya ng US at ng daigdig. Bagamat nananatili ang US bilang pinakamalakas na imperyalistang kapangyarihan, umatras na ito tungo sa isang multipolar na mundo. Sa pamamagitan ng pagmanipula sa dalawang andanang ekonomya, nagpatuloy ang paglago ng ekonomya ng China  sa kabila ng krisis sa pinansya noong 2008, tulad ng ibinunga ng krisis sa pinansya sa Asya noong 1997, noong nagbenepisyo ang China mula sa pagbagsak ng mga tinataguriang mga Asian Tigers.

Noong 2013, inilunsad ng China ang Belt and Road Initiative (BRI) upang magsilbing lagakan ng surplas na kapital nito at para sa sarili nitong labis na produksyon ng bakal at kagamitan sa konstruksyon. Ang BRI ay ipinangalandakang isang proyektong nagkakahalaga ng trilyong dolyar na naglalayong ilagay ang halos kalahati ng pandaigdigang kalakalan sa saklaw nito. Sa katunayan, nagsimula na ang Asian Infrastructure Investment Bank (AIIB) sa kapital na $100 bilyon.

Pero noon ding 2015, malubhang naapektuhan ng tumatagal  na pandaigdigang depresyon ang ekonomya ng China. Bumagsak ang *stock market* ng China, na lumipol sa mahigit 30% ng pag-aari nito. Binawi ng mga Japanese at iba pang dayuhan ang  malalaking pamumuhunan.  At bumagal ang tantos ng pag-unlad ng ekonomya ng China. Ayon sa International Finance Institute (IFI), ang pangkabuuang utang ng China (kabilang na ang mga utang ng estado, korporasyon at sambahayan) ay sumirit sa antas na 303 porsyento ng GDP

noong July 17, 2019 sa gitna ng gera sa kalakalan sa US at ng pagbagal sa ekonomya.

## Umiigting na Kontradiksyon ng US at China

Sing-aga pa lang ng panunungkulan ni Obama, nagsimula nang mabahala ang US sa paglakas ng ekonomya at kapangyarihang militar ng China. Kaya sinimulang ipatupad nito ang estratehikong pagpihit sa Silangang Asya upang palakasin ang pwersang nabal at panghimpapawid sa rehiyon. Pero napabagal ang pagpihit na ito ng kabiguan ng US na makaalpas sa "walang katapusang digmaan" sa Middle East.

Subalit, pinili ni Trump na gumawa ng palabas sa Silangang Asya sa paulit-ulit na pagbabanta sa Democratic People's Republic of Korea. Kalaunan, kinumpronta nya ang China sa pagmimintina ng dalawang andanang ekonomya, pagmamanipula sa salapi nito at pagnanakaw ng teknolohiya, at nagpatuloy sa pagpapataas ng taripa sa mga eksport ng China sa US, pagpapataw ng mga restriksyon sa paglilipat ng teknolohiya sa China at pagpapaigting ng pagpapatrolya ng US sa himpapawid at karagatan sa South China Sea.

Sa pagtataas ng taripa sa mga eksport ng China, sinisikap ng US na bawasan ang sarplas ng China sa kalakalan, ang mga reserbang dolyar at sarplas na kapital para sa sariling pag-unlad at para makapagsamantala sa ibang mga bansa (laluna sa mga nasa saklaw ng BRI) sa mataas na interes na pautang at sobra-sobrang halaga na mga proyektong pang-imprastraktura, na mahirap o imposibleng mabayaran at maglalagay sa mga bansang nangutang sa panganib na maging kolonya sa utang.

Tahasang nilalabag ng mga kontrata sa pautang at imprastraktura ang pambansang soberanya sa mga probisyon na nag-oobliga sa mga tunggalian na dapat ihapag sa mga korte ng China, na ang mga suplay ay magmumula lamang sa China, na dapat ang lakas-paggawa ay 40-60% Chinese at kapag hindi nabayaran ang utang magiging pag-aari ng China ang proyekto, lupa at mga likas na yaman o 99-taong kokontrolin ito.

Ang mga negosasyon sa China ng mga pautang at proyektong pang-imprastraktura ay kadalasang ginagawa sa tabing ng pagiging lihim, kaya napapahintulutan ang mga tiwaling kasunduan sa pagitan ng mga burukrata ng nangungutang na bansa at ng maraming korporasyong estado at pribado

ng China  na nagsusuplay ng mga materyales sa konstruksyon, mga kagamitan at lahat ng tipo ng mga serbisyo.

Sa kasalukuyang gera sa kalakalan sa pagitan ng US at China, ang US ay nagpapataw ng taripa laban sa mga eksport na manupaktura ng China  na ginantihan nito  sa pagbabawas ng import ng produktong pagkain ng US. Kung gayon ay maaari nating asahan ang China na magsikap na pataasin ang akses nito sa mga lupang agrikultura sa mga atrasadong bansa sa pag-upa sa mga ito, pagkuha dito sa pamamagitan ng pagbili o bilang kabayaran sa utang ng mga bansang mangungutang at pagdedeploy ng mga korporasyon para dambungin ang lupa at mga likas na yaman sa ibang bansa. Maaaring pag-usapan nang detalyado sa inyong mga panel discussions ang mga partikular na proyekto sa maraming mga bansa.

Para kontrahin ang eksport ng kapital ng China sa pamamagitan ng mga baylateral na pautang at mga pautang ng kontrolado ng China na AIIB, itinayo ng US ang US International Developmet Finance Corporation (USIDFC) na may 60 bilyong dolyar na kapitalisasyon para idagdag sa kakayahang magpautang ng Asian Development Bank (ADB) at ng World Bank. Lumilikha ito ng puwang para sa mga nabibigatan na sa pautang ng China na maglunsad ng pag-aaklas ng mga mangungutang balang-araw.

Sa pagpapataw ng mga restriksyon sa paglilipat ng teknolohiya sa China, sinusubukan ng US na pigilan ang syentipiko at teknolohikal na pag-abante ng China. Pero malaki na ang nakuha ng China sa mga inililipat na teknolohiya at sa palitan ng mga eksperto at mga estudyante sa syensya at teknolohiya sa mahabang panahon at nakapagpaunlad pa ng mga lumang teknolohiya para sa layunin ng pangsibil at pangmilitar na produksyon. Malaki na  ang iniunlad ng produksyong militar ng China kahit na nakalalamang pa rin ang US sa mas malaking bolyum at kalidad ng sarili nitong mga armas para sa layunin ng agresyon.

Sa pangkalahatan ay halos magkapantay ngayon ang US at China sa kakayahang gamitin ang syensya at teknolohiya para itaas ang panlipunang katangian at episyenteng kaparaanan sa produksyon. Tumutungo ito sa mas malalang mga  krisis ng labis na produksyon dahil sa pribado at monopolyong katangian ng sistema ng apropriyasyon, laluna sa ilalim ng  neoliberal na patakaran ng rehimen. Maaaring gumamit ng mas mataas na antas ng pang-aabuso ng kapital sa pinansya. Pero, ang pandaigdigang utang ay

naging malaking bula na ng mahigit $247 trilyon na katumbas ng 320% ng Pandaigdigang GDP noong 2019, ayon sa IFI.

Sa pamamagitan ng paggigiit ng karapatan sa malayang nabigasyon sa South China Sea, pinoprotektahan ng US ang sarili nitong imperyalistang interes gayundin ay nalalantad ang imperyalistang interes ng China sa pagtatayo at pagmimilitarisa ng mga artipisyal na isla sa loob ng *exclusive economic zone* (EEZ) ng Pilipinas. Sa pamamagitan ng papet na mga *asset* nito sa reaksyunaryong armadong pwersa ng Pilipinas, matagumpay din nitong napresyur ang rehimeng Duterte para pahintulutan itong magtayo ng base militar sa Palawan para itapat sa militarisadong artipisyal na mga isla na iligal na itinayo ng China sa WPS.

Sa paglabag sa UN Convention of the Law of the Sea at ang pinal na husga ng Permanent Arbitration Court pabor sa Pilipinas noong 2016, inaangkin ng China ang 90% ng South China Sea bilang sarili nitong pag-aari at ginagamit ito bilang lugar para sa pagpapakita ng sarili nitong lumalakas na kapangyarihang militar. Nakapagtayo na rin ito ng isang base militar sa Djibouti at unti-unting ginagamit ang BRI para makakuha ng base para sa mga pwersa nito sa lupa, himpapawid at dagat at makaakses ng pamilihan at likas na yaman para sa mga kliyenteng bansa.

May higit pa sa sapat na sandata ang China para depensahan ang sarili nito at magmintina ng isang mapayapang pang-ekonomyang pag-unlad. Pero malakas itong itinutulak ng ultra-nasyunalistang mga sentimyento at inter-imperyalistang mga kontradiskyon para palakasin ang produksyong pangmilitar para ihanda ang sarili nito para sa muling paghahati ng daigdig. Ang pagtatayo at pagmimilitarisa ng mga artipisyal na isla sa EEZ ng Pilipinas at ang base militar sa Djibouti ang mga pananda na nagpapahiwatig ng pantay na imperyalistang katangian ng China at direktang humahamon sa kapangyarihang militar ng US.

Matapos ang mahigit 40 taon ng kooperasyon sa China, ikinukunsidera ng mga US *strategist* na napapanahon nang pahinain at pigilan ang pag-unlad ng China sa larangan ng ekonomya at militar. Sa isang *multipolar* nang daigdig, kung saan ang iba pang mga imperyalistang kapangyarihan ay nakikipagpaligsahan para sa sarili nilang interes, maaaring hindi maging madali na magtagumpay ang US sa kanyang hangarin. Pero yayamang maaari silang direktang magbanggaan, maaaring masangkot ang US at China sa isang

proseso na magpapahina sa isa sa isa sa ilalim ng mga kundisyon ng lalong lumulubhang pandaigdigang krisis sa ekonomya.

Ang mga kontradiksyon sa pagitan ng US at China gayundin sa lahat ng mga imperyalistang kapangyarihan ay tumitindi. Nagreresulta ito sa krisis at mga digmaang nakakapinsala sa mamamayan ng daigdig. Pero ang mamamayan sa parehong panahon ay natutulak na maglunsad ng anti-imperyalista at demokratikong pakikibaka upang makamit ang pambansa at panlipunang kalayaan. Inaasahan natin ang pagdaluyong ng pambansang pagpapalaya at sosyalistang kilusan at rebolusyon sa darating na mga taon at dekada. Salamat.

---

# BANGKAROTE AT PABAGSAK NA ANG PANDAIGDIGANG SISTEMANG KAPITALISTA, AT ITO ANG DAHILAN NG PAGLAKAS NG PANDAIGDIGANG PROLETARYONG REBOLUSYON

Mensahe ng Pakikiisa at Pasasalamat
sa mga Delegado ng Paglulunsad ng Mga Repleksyon sa Rebolusyon at Mga Prospek
21 DISYEMBRE 2019

Mga Kasama at Kaibigan,

Ipinapaabot ko ang aking pinakamainit na pagbati ng pakikiisa! Salamat sa pagdalo ninyo sa pinagtambal na paglulunsad ng Mga Repleksyon ng Rebolusyon at Mga Prospek at ang Bersyong German na Ein Leben in Widerstand. Isang karangalan at kasiyahan na makasama kayo sa okasyong ito.

Nais kong magpasalamat sa aking co-author na si Dr. Rainer Werning, ang aming patnugot na si Julieta de Lima, ang Publishers International Network for Philippine Studies at ang Verlag Neuer Weg, ang mga nagrebyu ng libro, *moderator* Coni Ledesma at ang may paanyaya sa okasyong ito, ang NDF International Office.

Natutuwa ako na sa okasyong ito si Rainer ay may sapat na panahon upang magsalita hinggil sa aming pagtutulungan mula pa noong kabataan namin

at ang kanyang matatag na pakikiisa sa pakikibaka para sa pambansa at panlipunang paglaya ng sambayanang Pilipino.

Natutuwa ako na bilang tagarebyu ng libro, si Louie Jalandoni ay magtutuon sa mga usapin sa Pilipinas at tutukuyin ang ika- 51 anibersaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas at si Peter Weispfenning naman ay magpopokus sa pandaigdigang mga usapin na may kaugnayan sa pagkakaisang German at Pilipino.

Ang dalawang libro na inilalabas ay tila nagsusuma ng aking buhay, pananaw at mga gawain at upang magpaalam sa Pilipinas at sa daigdig. Pero hindi naman talaga. May ilang taon pa ako. Determinado akong mailahad ang aking mga pananaw sa mga usaping pambansa at pandaigdigan at manawagan para sa militanteng pagkilos ng mga mamamayan, kilusang masa laban sa imperyalismo at lahat ng reaksyon.

Nakakahinayang namang magpaalam sa taong 2019, sa panahong ang daigdig ay mainit na mainit at ang malawak na masa ng sambayanan ay naglulunsad ng anti-imperyalista at demokratikong pakikibaka laban sa pandarambong ng neoliberalismo, terorismo ng estado, blokeyo sa ekonomya, interbensyong militar at mga digma ng agresyon.

Ang saklaw at intensidad ng protestang masa ay walang katulad. Nagpapakita ito ng paglaban sa masidhing pang-aapi at pagsasamantala sa proletaryado at mamamayan ng daigdig sa kamay ng mga imperyalista at lokal na reaksyunaryo. Pangahas kong huhulaan na ang mga protestang masang ito ay tutungo alinman sa mga reporma o pasismo at sa kabuuan ay magpapalakas sa mga rebolusyonaryong kilusan.

Limampung taon na ang nakalilipas, sinabi na noong panahon ng Dakilang Proletaryong Rebolusyon sa Kultura na kung ang usapin ng modernong rebisyunismo ay nalutas, ang imperyalismo ay tutungo sa lubos na pagbagsak at ang sosyalismo ay magmamartsa tungong ganap na tagumpay. Ngunit nagpaalala si Mao na gugugol ng isa pang 50 hanggang 100 taon para matupad ang gayong posibilidad. Tunay nga, sa paliku-likong landas ng kasaysayan, ang pandaigdigang proletaryong sosyalistang rebolusyon ay dadanas ng mga mayor na pag-atras.

Matapos ang pagkamatay ni Mao noong 1976, inagaw ng Denghistang kontrarebolusyon ang kapangyarihan mula sa proletaryado at ipinatupad ang

kapitalistang panunumbalik sa China. Noong 1991, sa pagbagsak ng Unyong Sobyet, naging solong *superpower* ang imperyalismong US. Ngunit pagkatapos, ang madalas na nagaganap na krisis sa ekonomya at pinansya ng US at ng pandaigdigang kapitalismo at ang walang katapusang digma ng agresyon ng US ay nagpabilis sa estratehikong pagbagsak ng imperyalismong US.

Nabubuhay tayo ngayon sa isang daigdig ng papatinding mga kontradiksyong inter-imperyalista, pangunahin sa pagitan ng US at China, na dati ay mayor na magkatuwang sa neoliberal na globalisasyon mula noong dekada 80 hanggang sa unang dekada ng siglong ito. Ngunit mula noong ekonomiko at pinansyal na pagbulusok noong 2008, bigo ang mga pinakamagagaling na mga tao na lutasin ang problema ng nagtatagal na pandaigdigang depresyon. Ang US ang pangunahing manunulsol ng neoliberalismo ngunit ito ay nagiging mas proteksyunista at nagsisisi sa kanyang mga pangkalakalan at teknolohikal na mga konsesyon sa China.

Habang ang tradisyunal at mga bagong imperyalistang kapangyarihan ay nahaharap sa isang labanan para sa muling paghahati ng daigdig, patuloy nilang ipinapasa ang bigat ng krisis sa proletaryado at ng mamamayan ng daigdig na siyang nagtitiis sa papalalang mga kalagayan ng pang-aapi at pagsasamantala. Ang pinabilis na akumulasyon ng kapital ng iilan, ang burukratikong korupsyon, labis na paggastos sa militar at ang papalaking buwis at pasang utang ay nagpalala sa mga kalagayan ng mabababa ang kita, walang trabaho at kahirapan sa hanay ng mga uring anakpawis.

Sa kanilang sariling mga lupain at sa mga kliyenteng mga estado, ang mga imperyalistang kapangyarihan ay nagtutulak ng paggamit ng terorismo ng estado at pasismo upang sugpuin ang paglaban ng mamamayan, at panatilihin ang mga neoliberal na mga pamamaraan ng pagsasamantala. Sinimulan nila ang pagpapalakas militar, dayuhang interbensyong militar at mga gera ng agresyon upang mapalawak ang pinagkukunan nila ng ng murang paggawa at hilaw na materyales, pamilihan , larangan ng pamumuhunan at saklaw ng impluwensya.

Winawasak ng imperyalismo ang buhay ng mga tao sa pamamagitan ng makauring pagsasamantala at nagsasapanganib sa mismong buhay ng sangkatauhan sa pagwasak sa kalikasan at ang pagpaparami ng mga armas nukleyar at iba pang *weapons of mass destruction*. Ngunit ang proletaryado at mamamayan ng daigdig ay maaaring mag-alsa at magkaisa upang labanan ang imperyalismo. Ang kasalukuyang pandaigdigang mga protestang masa laban sa

neoliberalismo, pasismo, digmaan at pangwawasak ng kalikasan ay naglalantad ng pagkabulok ng pandaigdigang sistemang kapitalista at naghuhudyat ng transisyon tungo sa isang daigdig ng lumakas na rebolusyonaryong pakikibaka, kinatatangian ng mga kilusang protesta, digmang bayan at malalaking tagumpay ng mga pambansang pagpapalaya, demokrasya at sosyalismo. Ang sambayanang Pilipino ay dapat magmalaki na nakapagpursige ito sa kanilang bagong demokratikong rebolusyon sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan, nalampasan ang mga kahirapan mula sa loob ng bansa at ibayong dagat at nagkamit ng mga sinipikanteng mga tagumpay. Sa pamamagitan ng kanilang rebolusyonaryong pakikibaka, nagsilbi sila bilang tagapagdala ng sulo ng pandaigdigang proletaryong rebolusyon sa panahong ang uring anakpawis ay nagdurusa bilang resulta ng neokolonyalismo, anti-komunismo, rebisyunistang pagtataksil sa sosyalismo, neoliberalismo, terorismo ng estado, digma ng agresyon at iba pang mga sandata sa arsenal ng imperyalismo.

Ang sambayanang Pilipino ay nanguna sa paglulunsad ng armadong rebolusyon at naging mas malakas sa pamamagitan ng pakikibaka laban sa tumitinding mga kampanya ng supresyong militar sa disenyo ng imperyalismong US at mga Pilipinong papet. Napangibabawan nila ang pasistang diktadura ni Marcos at ang serye ng pseudo demokratikong mga rehimen. Naipatupad nila ang programa ng bagong demokratikong rebolusyon laban sa malakolonyal at malapyudal na naghaharing sistema at upang maitayo ang rebolusyonaryong partido ng proletaryado, ang hukbong bayan at isang malawak na hanay ng mga organisasyong masa, mga alyansa at ang mga organo ng demokratikong kapangyarihang pampulitika sa pambansang saklaw.

Ngunit mula noong 2016, nagkaroon ng pag-atras ang naghaharing sistema tungo sa pasistang diktadura ng rehimeng Duterte. Ang tiraniko, taksil, *genocidal*, mandarambong at manunubang mga patakaran at gawi ng rehimeng ito ay maaari lamang itulak ang sambayanang Pilipino, lalo na ang uring anakpawis ng manggagawa at magsasaka, upang itaas ang kanilang rebolusyonaryong lakas at palakasin ang kanilang rebolusyonaryong pakikibaka, tulad ng ginawa nila noong panahon ng pasistang diktadurang Marcos. May mayaman silang karanasan, sapat na lakas at maraming internasyonal na kaisa at suportang maaaring magamit.

Hinggil sa pinakabagong alok ni Duterte na ibalik ang negosasyong pangkapayapaan sa National Democratic Front of the Philippines, sa tingin ko ay ginawa niya ang alok dahil bigo ang kanyang pagsisikap militar na wasakin

ang rebolusyonaryong kilusan at sa pamamagitan ng mga malulubhang krimen laban sa mamamayan, siya at ang kanyang mga nasasakupang militar ay lalo pang napalakas ang kilusan.  Upang muling mabuksan ang negosasyong pangkapayapaan, dapat pumayag ang rehimen na muling pagtibayin ang mga nauna nang mga *joint agreement* na ginawa mula pa noong 1992 at dapat na ibasura ang mga *presidential issuance* na nagtapos at humadlang sa nasabing negosasyon.

Hangga't walang pinal na kasunduan sa isang makatarungang kapayapaan na lumulutas sa mga ugat ng armadong tunggalian sa pamamagitan ng kumprehensibong kasunduan sa panlipunan, ekonomiko at reporma sa pulitika sa ilalim ng prinsipyo ng pambansang kalayaan, demokrasya, lahatang-panig na kaunlaran at katarungang panlipunan, ang sambayanang Pilipino kasama ang lahat ng mga rebolusyonaryong pwersa ay lahat may soberanong karapatan na magsulong ng lahat ng anyo ng rebolusyonaryong pakikibaka hanggang sila ay magkamit ng ganap na tagumpay.  Ang sinseridad sa  negosasyong pangkapayapaan ng GRP-NDFP ay maaaring mapatunayan lamang sa pamamagitan ng paggalang sa pambansa at demokratikong mga karapatan ng sambayanang Pilipino at kung ano ang kapakipakinabang sa kanila sa  malinaw, kayang ipatupad na mga usaping sosyal, ekonomiko at pulitikal.

Umaasa akong ang dalawang librong inilabas ngayon ay makakaapag-ambag sa pag-unawa sa mga usapin sa Pilipinas at sa daigdig, magtataguyod ng pagkakaisa ng sambayanang Pilipino at magbibigay ng inspirasyon upang maitaas ang antas ng kanilang rebolusyonaryong pakikibaka sa isang bago at mas mataas na antas.  Ang pandaigdigang sistemang kapitalista ay bangkarote at pabagsak na, walang kakayahang lutasin ang mga panlipunan at pangkalikasang mga usapin, at higit na lumilikha sa mga kalagayan para sa anti-imperyalista at demokratikong mga pakikibaka, at sa pagdaluyong ng militanteng pagkakaisa ng lahat ng mamamayan at ang muling pagbuhay ng pandaigdigang proletaryo-sosyalistang rebolusyon. Salamat.

# SUMULONG SA PANDAIGDIGANG PROLETARYONG REBOLUSYON LABAN SA IMPERYALISMO, PASISMO AT SA LAHAT NG REAKSYON

Sa pinakamamahal na mga kasama at kaibigan,

Nais kong ipahayag ang pinakamainit na pagbati ng pakikiisa at pasasalamat sa lahat ng dumalo sa pagpapakilala ng salin sa French ng Lipunan at Rebolusyong Pilipino (LRP). Pinasasalamatan ko si Kasamang Christophe Kistler sa pagsalin ng librong ito mula sa Ingles tungong Pranses, sa Editions Soleil Rouge para sa paglilimbag nito, sa grupo ng tagapagsalita at sa Redspark Collective para sa pag-aayos nitong pagtitipon.

Nagagalak at natutuwa ako dahil mula ng ito ay unang inilimbag sa mimyograp noong 1969, ang libro ay isinalarawan na bilang isang klasikong rebolusyonaryong literatura ng Pilipinas at pundasyon ng isa sa mga pinakamalaki at pinakamatandang rebolusyonaryong kilusan sa buong mundo.

Simula noon, ang librong ito ay nabasa at pinag-aralan ng mga Pilipinong masang aktibista at ng mga kadre at ng mga miyembro ng Communist Party of the Philippines (CPP), dahil ito ang unang publikasyon na nagsuri sa prinsipal na mga kontradiksyon na kinakaharap ng bansa at naghawan sa landas para resolbahin ito.

Habang may ilang pagbabago na naganap sa lipunang Pilipino simula noong madugong diktadura ni Marcos, higit sa lahat dahil sa pamamayani ng neoliberalismo, ang nilalaman ng librong ito ay nanatiling may bisa sa pangkalahatan at kritikal na may kabuluhan sa kabila ng mga serye ng mga pseudo-demokratikong rehimen matapos kay Marcos hanggang sa tumitinding paglala ng hayag na teroristang paghahari sa ilalim ng kasalukuyang rehimeng Duterte.

Ang nagpapatuloy na kahalagahan at kabuluhan ng LRP, hindi lamang sa Pilipinas, pati na rin sa buong mundo, ay makikita sa madalas na paglilimbag at pagsasalin nito sa ibat-ibang lenggwahe. Ang ikaanim na edisyon sa Pilipinas

ay lumabas noong 2016. Lumabas ang edisyon sa Hongkong noong 1971, sa Germany noong 1973, sa US noong 1976, sa Turkey noong huling bahagi ng 1970 at sa Japan nooong huling bahagi ng 1980. Ang mga pinakahuling edisyon ay ang Portuguese noong 2017, at Spanish noong Hunyo 2019 at ngayon ilalabas ng Editions Soleil Rouge ang French na bersyon.

Habang ang pokus ng libro ay sa Pilipinas, paglalagom ng kasaysayan ng mamamayang Pilipino, pagsasagawa ng pagsusuri sa uri ng malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino at pagsusulong ng programa ng demokratikong rebolusyong bayan para ibagsak ang imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo, ang esensyal na nilalaman nito ay may malawak na kabuluhan sa mga rebolusyonaryong kilusan sa buong mundo.

Sa pag-aaral sa librong ito, makakakuha ng sapat at malalimang pag-unawa sa kasalukuyang tinatakbo ng mga pangyayari sa Pilipinas. Ang pagsusuri sa kasalukuyang sitwasyon, na mahusay na naiulat at sinuri ng mga publikasyon ng CPP at ng ibang rebolusyonaryong pwersa at maging ng mga makabayan at progresibong organisasyong Pilipino at mga dayuhang kaibigan sa pakikiisa sa mamamayang Pilipino, ay nagpapatuloy na naitatayo mula sa pundasyon na hinapag ng LRP.

Si Luis Jalandoni ng National Democratic Front of the Philippines ay ang pinakakwalipikado na magsalita sa pagtitipong ito. Inilaan niya ang kanyang buhay sa Diyos bilang pari nang pinag-aralan niya ang LRP at ang paglahok niya sa kilusan ang naghubog sa kanya para maging isang rebolusyonaryong aktibista.  Ang karanasan niya sa buhay sa mahigit 50 taon bilang isang matatag na proletaryong rebolusyonaryo ay testamento ng kapangyarihan ng LRP na gumabay sa transpormasyon ng mamamayan mula sa ibat-ibang uri, sa pamamagitan ng pag-unawa sa kundisyon sa kanilang paligid at gayon ang pag unawa na kaya nila itong baguhin.

Christophe Kistler, taga-salin ng PSR at miyembro ng Redspark Collective, ay malapit sa rebolusyonaryong kilusang Pilipino, at nakapaglabas na ng ibang libro ko sa pamamagitan ng Foreign Language Press,  at nagsalin din ng aking maraming pahayag, artikulo at mga akda sa French. May kakayahan siyang talakayin ang aking mga akda at ang papel nito sa pandaigdigang proletaryong rebolusyon.

Ang demokratikong rebolusyong bayan ng mamamayang Pilipino, sa

pamamamagitan ng matagalang digmang bayan, ang humawak na ng sulo ng pandaigdigang proletaryong rebolusyon sa nagpapatuloy na transisyon mula sa huling 50 taon ng tila permanenteng pandaigdigang hegemonya ng imperyalismong US tungo sa susunod na 50 taon ng pinatinding kontradiksyon sa pagitan ng mga imperyalista at ang muling pagdaluyong ng mga rebolusyonaryong kilusan sa pandaigdigang saklaw. Ipinapakita ito ng mga hindi mapantayang mga malakihang protestang masa sa pandaigdigang saklaw laban sa lupit ng imperyalistang pandarambong at digmaan.

Nalulugod ako na si Berenice Bocquet, naglimbag ng Editions Soleil Rouge ay magsasalita tungkol sa komunistang paglilimbag sa France ngayon. Sinanay bilang isang propesyunal na patnugot, nag-ambag siya nang malaki sa pag-aayos ng edisyong French ng LRP, pati na rin ang ibang publikasyon ng Editions Soleil Rouge. Sinusuportahan ng kanyang mga kontribusyon ang pagpapaunlad sa Maoistang palimbagan sa France ngayon. Ang gawaing ito ay mahalaga para sa proletaryong French at mamamayan na ipagpatuloy ang paglulunsad ng rebolusyonaryong pakikibaka para sa sosyalismo, ayon sa kongkretong kalagayan at sa ilalim ng pulang bandera ng komunismo, ang ultimong layunin ng pandaigdigang proletaryong rebolusyon.

Para sa mga manggagawa at sa mamamayan ng lahat ng bansa na magkaisa at lumaban laban sa imperyalismo at sa lahat ng reaksyon, kailangan nilang matuto sa isat isa at lumikha ng inspirasyon mula sa kanilang sama-sama at magkakahiwalay na rebolusyonaryong pakikibaka. Kailangan nilang maging mulat sa katotohanang mayroon silang iisang kaaway na gagapiin at iisang adhikain na kailangang kamtin, tulad ng pambansang pagpapalaya, demokrasya ng mamamayan at sosyalismo.

Sa paglaban para sa pambansa at panlipunang pagpapalaya, ang mamamayang Pilipino ay matagal ng nagsasarili ngunit kailangan pa din ng pakikiisa at suporta ng ibang mamamayan. Kasabay nito, lagi nilang hangad na ang kanilang rebolusyonaryong pakikibaka ay nakakapagambag sa pagsulong ng pandaigdigang proletaryong rebolusyon sa pangkabuuan at ang kanilang rebolusyonaryong pwersa ay lumalahok sa mga kongkretong porma ng bilatera at multilateral na kooperasyon at mutwal na suporta sa ilalim ng mga  prinsipyo ng anti imperyalistang pakikiisa at proletaryong internasyunalismo. Maraming Salamat.

# MGA TERORISTANG KRIMEN NI TRUMP AT NG IMPERYALISMONG US ANG NAGTUTULAK SA MAMAMAYAN NG MIDDLE EAST NA LUMABAN SA KANILA

7 ENERO 2020

Sa kanyang pinakahuling pananalita sa Iraqi Parliament, inilantad ni acting Iraqi Prime Minister Adil Abdul-Mahdi na inalok siya ni US President Trump na "gumanap bilang tagapamagitan" sa US at Iran at resulta nito'y lumipad patungong Baghdad si General Qassem Soleimani dala ang mensahe mula sa gobyerno ng Iran kaugnay sa pagpapahupa ng tensyon sa pagitan ng Iran at Saudi Arabia.

Nasa isang *peace mission* si General Soleimani nang inatasan ni Trump ang kanyang mga utusang miltar na manmanan ang byahe at pagdating ng kilalang heneral ng Iran sa Baghdad *airport* para gawing target ng *drone air strike* at paslangin siya kasama ang lider ng Iraqi Popular Mobilization Unit na si Abu Mahdi Al-Muhandis at kanilang mga kasamahang Iraqi at Iranian.

Pinasisinungalingan ng pahayag na ito ni Abdul-Mahdi ang iginigiit ni Trump at ng Pentagon na nagpatupad lamang sila ng "mapagpasyang depensibong aksyon" para pigilan ang pag-atakeng idinidirehe ni Soleimani. Kung tutuusin, alam ni Trump na nagbibyahe patungong Baghdad si Soleimani sa kanyang diplomatikong katayuan bilang emisaryo ng Iran upang talakayin kasama ang Iraqi Prime Minister ang pagpapahupa ng karahasan kung saan sangkot ang US at Saudi Arabia.

Bagama't dating kilala bilang malapit na kaalyado ng US, labis na nasaktan si Abdul-Mahdi sa ginawang maramihang pagpaslang ng US sa opisyal na panauhin nitong si Soleimani, lider ng PMU na si Al-Mohandes at ang kasama nilang mga Iraqi at Iranian sa tahasang paglabag ng US sa pambansang soberanya at teritoryal na integridad kung kaya't inirekomenda niya sa Iraqi Parliament na aprubahan ang resolusyon para palayasin ang mga pwersang militar ng US sa Iraq.

Tulad ng naging kapasyahan ng Iraqi Parliament, dapat na alisin ng US ang kanyang pwersang militar sa Iraq. Sa kabalintunaan, lalo lamang pinalalala ni Trump ang kanyang krimen ng maramihang pagpatay at lansakang paglabag sa soberanya ng Iraq sa pagtangging alisin ang mga pwersang militar nito sa Iraq, panghihingi ng bayad para sa mga base militar ng US at pagbabantang magpapataw ng mga *sanction* na mas malala pa sa ipinataw nito sa Iran.

Una sa lahat, nasa Iraq ang US dahil sa kanyang gerang mapanakop at iligal na okupasyon sa pagkukunwari nitong alisin ang armas nukleyar, kemikal at iba pang tinagurian niyang sandatang mapangwasak sa sangkatauhan. May obligasyon ang US na magbayad ng danyos-perwisyo sa Iraq dahil sa paggamit ng mapamuksang sandata laban sa buhay ng mamamayang Iraqi, mga ari-arian nila at imprastruktura.

Dapat na irespeto ng US ang soberanya at teritoryal na integridad ng Iraq. Walang itong ibang mapagpipilian kundi ang isuko ang kanyang base militar sa Iraq bilang soberanong may-ari ng lupain at magbayad ng upa sa paggamit ng mga baseng ito sa nagdaang mga taon. Ang US at hindi ang Iraq ang mayroong obligasyong moral at pinansyal sa Iraq. Kung hindi, may makatarungang batayan ang mamamayang Iraqi para tumindig laban sa imperyalismong US at terorismong inihahasik nito.

Higit pa sa kaisipang *gangster* ni Trump, may mas malalaking kapalit ang kanyang mga aktong kriminal. Itinutulak niya ang mga gobyerno at mamamayan ng Iraq at Iran para sama-samang tumindig laban sa imperyalismong US. Maaari nilang gamitin ang sarili nilang mga rekurso, pamamaraan at mga alyansa para labanan ang imperyalismong US at malalapit nitong mga alyado, ang Zionismong Israeli at monarkiyang Saudi. At makakakuha sila ng suporta sa Russia at China sa pagkontra sa *high-tech* na armas ng kanilang mga kalaban.

Salamat sa teroristang pag-aasta ni Trump at ng imperyalismong US, lalo silang nahihiwalay at nagkakaroon ng mataas na potensyal ang Middle East para maging bagong Vietnam sa mas malawak na saklaw para sa imperyalismong US at kanyang mga papet sa rehiyon na may mas malulubhang konsekwensya. Ang walang katapusang digmaan na inilulunsad ng US sa rehiyon sa ilalim ng patakarang neokonserbatibo ay tumutungo na sa isang engrandeng digmaan sa pagitan ng lalong nagsasariling estado at ng imperyalismong US na mabilis na bumubulusok.

Sa gitna ng kalagayang ito, makapagpapalakas ang mamamayan at ang

kanyang pwersang rebolusyonaryo (laluna ang mga kilusan para sa pambansang pagpapalaya na may sosyalistang perspektiba) mula sa mga umuusbong na oportunidad sa mga kontradiksyong inter-imperyalista at kontradiksyon sa pagitan ng mga imperyalistang kapangyarihan at kanilang mga kliyenteng estadong tumatangging sumunod sa kanila at hindi na nila pinagkakatiwalaan. Ang uring proletaryado at mamamayan ng daigdig ay matatag na sumusulong sa direksyon ng malaganap na kilusang anti-imperyalismo at pagpapanumbalik ng pandaigdigang proletaryong rebolusyon.

# HINGGIL SA PANDAIGDIGANG SITWASYON, SA PANDEMYANG COVID-19 AT ANG TUGON NG MAMAMAYAN

Abril 9, 2020

Mahal na mga kaibigan at kapwa aktibista,

Labis kong ikinararangal at ikinatutuwa na maging unang tagapagsalita sa serye ng mga *webinar* na ito, tinaguring *teach-in* o panayam, *online discussion* hinggil sa mga pandaigdigang kaganapan at pakikibaka ng mamamayan sa ilalim ng pagtangkilik ng ILPS Solidarity.

Simple ang magiging porma. Gagawin ko ang paglalahad. At ang mga tagapakinig ay maaaring tumugon sa pamamagitan ng mga obserbasyon, mga katanungan at karagdagan pang pagtalakay.

Ang tungkulin ko ngayon ay ilahad ang pandaigdigang sitwasyon, ang pandemyang COVID-19 at ang tugon ng mamamayan.

Hayaan ninyong ilahad ko sa simula pa lamang na bago pa man lumitaw ang pandemyang COVID-19 , ang pandaigdigang sistemang kapitalista ay naliligalig na. Inilantad at pinalala pa ng pandemya ang krisis ng pandaigdigang kapitalismo. May kagyat na kalahagahang malaman kung paano naaapektuhan ang mga mamamayan at kung papaano sila tumutugon.

**1. Krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista**

Mabilis na umabante at malayo na ang inabot ng siyensya at sa ngayon

nakapagbigay ito ng teknolohiya upang mapataas ang produktibidad ng mga pwersa at kagamitan sa produksyon hanggang sa isang antas upang mapawi ang makauring pagsasamantala, malubhang di pagkakapantay-pantay at malawakang kahirapan at makapagbigay ng komportable at mabungang buhay para sa dobleng laki ng populasyon ng daigdig ngayon.

Ang panlipunang katangian ng produksyon ay labis nang lumaki sa paggamit ng mas mataas na teknolohiya. Ngunit sa kasamaang palad, ang monopolyo burgesya at ang oligarkiya sa pinansya ang nagmamay-ari ng kagamitan sa produksyon, kumukontrol sa mga relasyon sa produksyon at nagdidikta sa mga kasunduan sa empleyo at ang paggamit ng mga tao at rekursong materyal para sa maksimisasyon ng pribadong tubo at ang implasyon ng halaga ng mga pribadong pag-aari. Sa pang-aabuso ng burges na kapangyarihan ng estado sa mga masang anakpawis ng manggagawa at magsasaka at mga panggitnang saray ng lipunan, itinaguyod ng internasyunal na burgesya ang mga neoliberal na patakaran sa ekonomya upang mapabilis ang akumulasyon at konsentrasyon ng produktibo at pinansyal na kapital sa kamay ng iilan, sa iisang porsyento lamang ng populasyon upang pagsamantalahan, huthutan at apihin ang 99 porsyento.

Ang neoliberal na patakaran sa ekonomya ay nagliberalisa sa kalakalan at pamumuhunan, nagbigay ng bawas buwis at mga insentibo at *bailout* sa mga monopolyo burgesya, pinanatiling mababa ang sahod at iba pang kita ng mga mababang uri, ipribatisa ang mga pampublikong pag-aari, bawasan ang mga serbisyong panlipunan, magtakda ng pagtitipid at pag-aalis ng mga regulasyon sa lipunan at kalikasan at nagdenasyunalisa sa di mauunlad na mga ekonomya ng daigdig.

Ang krisis ng labis na produksyon kung gayon ay naging mas madalas at mas malala. Ang anakpawis ay dumanas ng kawalang trabaho sa napakabilis na paraan at hindi na kayang bumili ng kung ano ang nalilikha ng ekonomya. Ang tinatawag na panggitnang uri ay nawawala na at humanay na sa mga proletaryado. Gayunman, ang monopolyo burgesya ay nagpapatuloy na pahirapan ang mamamayan at iginigiit ang kanyang sistema ng di mapigil na katakawan.

Bago pa malutas ang krisis sa pinansya ng 2008, isa pang mas malalang krisis ang sumapaw para muling patagalin at patindihin ang istagnasyon at depresyon ng pandaigdigang ekonomya. Lahat ng mga imperyalistang bansa

ay dumaranas sa krisis ng labis na produksyon dahil sa papaliit na kita ng mga anakpawis at ng mga di mauunlad na mga bansa.

Lahat ng mga mayor na mga kontradiksyon sa daigdig ay tumitindi: yaong sa pagitan ng kapital at paggawa sa mga imperyalistang mga bansa, yaong sa hanay ng mga imperyalistang kapangyarihan, yaong sa pagtian ng mga imperyalistang kapangyarihan at ang inaaping mamamayan at mga bansa at yaong sa pagitan ng mga imperyalistang kapangyarihan at ang ilang mga estadong naggigiit ng kanilang pambansang paglaya at mga sosyalistang aspirasyon.

Binanggit kong una ang kontradiksyon sa pagitan ng kapital at paggawa sa mga imperyalistang bansa upang idiin ang punto na kahit na sa kanilang sariling muog ng monopolyo kapitalismo ang mga imperyalistang kapangyarihan ay umabot na sa pagsasamantala sa kanilang uring manggagawa at pagpawi ng panggitnang uri dahil nagpatupad sila ng sunud-sunod na mga hakbanging pagtitipid upang makaangkop sa krisis sa ekonomya at pinansya.

Kinomplementaryuhan ng imperyalismong US ang neoliberal na patakaran upang mamaksimisa ang tubo mula sa proseso ng produksyon at mga *financial market* ng patakarang neokonserbatibo upang tiyakin ang paggasta ng gubyerno para sa pagbili ng mga armas mula sa *military industrial complex* para sa pagmamantine ng higit sa 800 base militar sa ibayong dagat at para sa walang katapusang mga gerang agresyon, kabilang ang mga *proxy war* at interbensyong militar bilang suporta sa mga lokal na reaksyunaryong mga rehimen.

Matapos na naging monopolyo kapitalista ang China noong 1976, ito ay tinaguriang mayor na partner ng US sa neoliberal na globalisasyon at isang huwaran ng nagtutuluy-tuloy na kapitalistang pag-unlad. Ngunit mula 2015, nalantad na itong may hindi masustining mga utang pambansa, korporado at kabahayan at katulad ng mga krisis sa ekonomya at pinansya na lumiligalig sa mga tradisyunal na imperyalistang kapangyarihan na pinamumunuan ng US.

Ang inter-imperyalistang mga kontradiksyon ay mabilis na tumatalas, kung saan ang China na ang naging mayor na karibal ng imperyalismong US. Nagsisisi ang US at gumagawa ng paraan upang mapangibabawan ang mga konsekwensya ng kanyang naunang mga konsesyon sa China kaugnay ng mga pamumuhunan, kalakalan at paglilipat ng teknolohiya. Kasuklam-suklan na

ang China ay gumamit ng pagpaplano ng estado at mga empresang pag-aari ng estado upang makamit ang mga estratehikong layunin sa ekonomya at militar.

Ngunit siyempre may mga sariling bulnerabilidad ang China, tulad ng pakikitunguhan niyang labanan sa kalakalan na sinimulan na ng US at sa gabundok na utang na naipon na nito, ilan lamang sa mga mayor na problema. Mahigpit na nagnanais ang US na putulin ang malalaking surplas sa eksport na nagawa ng China sa pakikipagkalakalan sa US at paliitin ang halaga ng surplus na kapital na ginagamit ng China upang mapalawak ang kanyang sariling mga larangan ng pamumuhunan, pamilihan at mga pinagmumulan ng hilaw na materyales sa iba't ibang mga bansa.

Sinisikap ng US at China na palakasin ang kani-kanilang mga pusisyon sa pamamagitan ng mga alyansa sa ibang mga bansa. Ang US pa rin ang may malaking impluwensya sa UN at kumokontrol sa mga multilateral na mga ahensya (IMF, World Bank, at WTO) at sa NATO at iba pang mga alyansang militar. May lahatang-panig na pakikipag-alyansa ang China sa Russia at nagsikap na palawakin pa ang alyansang ito sa BRICS, SCO, sa BRICS Development Bank, sa Asian Infrastructure Investment Fund at sa Belt Road Initiative.

Ang mga imperyalistang mga bansa ay nagpapatuloy na ilipat ang bigat ng krisis sa kanilang mga reaksyunaryong kliyenteng estado sa mga di mauunlad na mga bansa at kung gayon pinalala ang mga imperyalistang mga kontradiskyon sa mga inaaping mamamayan at mga bansa. Kinamumuhian sila sa pagpapalala ng pagkaatrasado ng buong mga bansa at mga kontinente kabaligtaran na mga bulaang mga pangako ng kaunlaran. Ang gayong mga estado ay palagi at lalong hindi mapapanindigan. Nahaharap sila sa papalaking mga depisito sa kalakalan at balanse ng kabayaran dahil ang kanilang mga eksport ay binubuo ng mga hilaw na materyales at mga *semi-manufacture*. Papalaki ang kanilang kahirapan sa pagbabayad ng dating mga utang panlabas at hirap ding makakuha ng bagong dayuhang utang.

Ang malawak na masa ng sambayanan ay nasusuklam sa mga imperyalista at kanilang mga papet dahil sa terorismo ng estado na dinaranas nila. Ang kondisyon ay lalong nagiging paborable para sa paglitaw ng iba't ibang mga pakikibakang anti-imperyalista at demokratiko. May ilang mga bansa kung saan ang rebolusyonaryong partido ng proletaryado at ang mamamayan ay nagpupursige sa armadong rebolusyon para sa pambansa at panlipunang

pagpapalaya. Nagsisilbi silang halimbawa sa lahat ng mga inaaping mamamayan at mga bansa sa daigdig. May mga estado ng di mauunlad na mga bansa na naggigit ng pambansang pagpapalaya at sosyalistang aspirasyon. Kabilang dito ang Demokratikong Republikang Bayan ng Korea, Cuba at Venezuela.

Dramatiko silang tumitindig laban sa imperyalismong US na gumagamit ng mga ekonomikong pagpigil, blokeyong militar at banta ng agresyon.

Ang ilang bansa sa Timog Silangang Asia ay tumitindig din laban sa US at China. Nangunguna ang Vietnam sa pagtutol sa walang batayang paghahabol ng China sa 90% ng South China Sea. Sa bahaging ito ng daigdig inilalantad ng China ang kanyang sarili na agresibong lumalabag sa soberanong kapangyarihan ng iba pang mga bansa na paglabag sa internasyunal na batas at sa UN Convention of the Law of the Sea.

Ngunit ang imperyalismong US pa rin ang may pinakamasamang rekord bilang mananakop at lumalabag sa mga soberanong kapangyarihan sa Asia, Africa at Latin America.

Ngunit nagbabayad ito nang mahal sa kanyang mga digmang agresyon at interbensyong militar. Nasa landas ito ng papabilis na estratehikong pagbagsak sa isang papalaking multipolar na daigdig kung saan ang mga inter-imperyalistang mga kontradiksyon ay pupukaw sa proletaryado at mamamayan ng daigdig upang mag-alsa.

Mula pa noong nakaraang taon, pumutok na ang mga masang protesta sa lahat ng dako ng daigdig, kapuwa sa mga di maunlad at mauunlad na mga bansa.

Ito ay malinaw na palatandaan ng paglaban ng mamamayan sa lahat ng mga karumal dumal na gawi ng imperyalismo tulad ng neoliberal na pagsasamantala, paglitaw ng terorismo ng estado, pasismo, pagtitipid, rasismo, diskriminasyon na nakabatay sa gender at imperyalistang pandarambong at pangwawasak sa kalikasan.

Tayo ngayon ay nasa gitna ng isang transisyon sa muling paglakas sa buong daigdig ng anti-imperyalista at demokratikong mga pakikibaka para sa pambansang pagpapalaya, demokrasya at sosyalismo.

**2. Ang pandemyang COVID-19**

Sa pagitan ng dalawang mayor na imperyalistang kapangyarihan ngayon, ang US at China, may mga akusasyon at kontra akusasyon kaugnay sa pinagmulan ng COVID-19 at ang malisyosong kriminal na motibo sa likod nito.

May mga ispekulasyon na ginagamit ng isang imperyalistang kapangyarihan ang  pandemyang COVID-19 upang pahinain at talunin ang isa pa.

Inaakusahan ng China ang US na siyang lumikha ng COVID-19 sa isang bio-warfare na  laboratoryo sa Fort Detrick sa Maryland, USA, at ginamit nito ang US athletic delegation sa World Military Games sa Wuhan noong Oktubre 2019 upang naipasok sa Wuhan ang  labis na nakakahawang *virus*.  Sa kabilang banda, inaakusahan naman ng US ang China na siyang lumikha ng *virus* sa kanyang *virological institute* para tumagas ito sa Wuhan wet market sa pamamagitan ng pagbebenta ng mga *laboratory test animal*.

May pangatlong pagtingin na ang mga siyentistang Chinese mismo ang nakakuha ng *virus* mula sa isang laboratoryo na pinatatakbo ng US military at siyang naglusot ng *virus* sa Wuhan *wet market*.  Meron pang pang-apat na pagtingin na ang COVID-19 ay may purong *zoonotic origin* at nag-*mutate* mula sa nakaraang *virus*, na  nilikha ng isang kapaligiran na labis na winasak at sinira ng imperyalistang pandarambong.

Hinayaan nating imbestigahan ng mga independyenteng mga siyentista at hinayaan ang mga eksperto sa internasyunal na kriminal na batas na gamitin ang mga siyentipikong tuklas at mga kongklusyon na isakdal ang salarin kung posible.  Ngunit pansamantala, maaari nating talakayin ang epekto at resulta ng COVID-19 sa pandaigdigang sistemang kapitalista at sa mamamayan.

Inilantad at pinalala ng COVID-19 ang anti-sosyal na karakter ng pandaigdigang sistemang kapitalista, ang kawalang kahandaan ng monopolyo burgesya at ang mahirap na konsekwensya sa mamamayan na matagal nang nagdurusa sa ilalim ng makauring pagsasamantala, labis na di pagkakapantay-pantay at masang kahirapan at kawalan ng mga serbisyong panlipunan sa larangan ng pampublikong kalusugan, edukasyon at pabahay.

Sa ilalim ng neoliberal na patakaran sa ekonomya, ang malawak na masa ng sambayanan ay naging malalim at matinding bulnerable sa paulit-

ulit at papalalang krisis ng pandaigdigang kapitalistang sistema, sa mga imperyalistang mga panggigipit, banta ng gera, aktwal na gera ng kontrarebolusyon at agresyon, natural na kalamidad at mga pandemya.

Ang bulnerabilidad ng nakararaming mayorya ng mamamayan ay binubuo na walang mga kita at pag-aari upang itawid sila sa kaso ng  kawalang-trabaho o mawalan ng trabaho kahit man lang sa isang linggo anumang emerhensya ang dahilan.  Malinaw na malinaw ito sa isang *lockdown situation* kung saan ang mamamayan ay hindi makakapagtrabaho at walang pampublikong sasakyang maaring gamitin upang makapagpagamot para sa COVID-19 o anupamang sakit.

Mas malala sa lahat, kapag napakaraming tao ang nangangailangan ng *testing* at paggagamot sa panahon ng isang pandemya kung saan ang pampublikong sistemang pangkalusugan ay naagnas na ng neoliberal na patakaran sa ekonomya ng pagpribatisa at  pagkaagnas ng tira-tirahan ng pampublikong sistemang pangkalusugan,  sa gayon walang sapat na personel, pasilidad kagamitan at mga gamot.  Ang natitirang palatandaan ng pampublikong sistemang pangkalusugan ay mabilis na bumibigat at nasisira.  Nagagawang tanggihan ng pribadong mga ospital ang mga pasyente dahil hindi naman sila sadyang nagsisilbi sa publiko, kulang ang kanilang mga pasilidad o ang mga pasyente ay hindi kayang makapagbayad para sa panggagamot.

Nasaksihan din natin ang trahedya ng mga doktor, nars at iba pang manggagawang pangkalusugan na nagkakasakit at namamatay dahil sa COVID-19 dahil sa kakulangan ng mga *personal protection equipment*.  Kinilala ng neoliberal na estado at ng mga ospital ang papel ng pribadong tubo ngunit minaliit naman nila ang papel ng mga manggagawang pangkalusugan ang ang panlipunang serbisyo na dapat nilang ibigay sa mamamayan.

Sa ilang bilang ng mga maunlad at atrasadong mga bansa, kung saan ipinataw ang neoliberalismo bilang isang patakaran, nagkaroon ng mala-syentipikong kaisipan na sapat na ang paghuhugas ng  mga kamay at *social distancing* at pinakamahirap ang *lockdown* hanggang sa mga komunidad o buu-buong mga rehiyon dahil matapos na lumaganap ang sakit at marami nang namatay na biktima, ang *herd immunity* ay lumalakas sa kalakhan ng  populasyon.

Kung gayon, ang ilang  gubyerno ay hindi nakagawa ng napapanahon at sapat na mga paghahanda at mga plano sa pagkilos upang labanan ang pandemya.  Walang *mass testing* sa mahabang panahon.  Kung gayon, ang paglaganap

ng sakit ay hindi mahusay na nasukat. At may kakulangan o kakapusan sa manggagawang pangkalusugan at mga rekurso para sa paggamot ng mga nagkasakit dahil sa COVID-19. Ang kawalan o kakapusan ng mga *ventilator* ay nagdulot ng kamatayan sa maraming mga pasyente nadumaranas ng pagkakasakit ng pulmonya, maging matanda man o nakababata. Pinagkaitan ng naghaharing burgesya at ng buong naghaharing sistema ang nakararaming mayorya ng mamamayan ng pamamaraan upang alagaan ang kanilang sarili sa panahon ng mga *lockdown*. Ang tanging maipapangako ng kanilang mga ahenteng pampulitika ay rasyon ng pagkain at ilang kompensasyon para sa nawalang kita. Ngunit hindi naibibigay ang pangako nang napapanahon at nakakasapat. Ang pinakanabibiktima ay yaong milyun-milyong walang trabaho at walang matirhan at maging yaong mga nakakulong sa mga siksikang bilangguan.

Ngunit lamang sa anupamang kauna-unawang konsesyon sa mamamayan, ang monopolyo burgesya ay nakakatiyak sa mga tulong pampinansya at mga *stimulus package* upang makabawi mula sa pagkalugi ng kanilang mga negosyo.

Alam na alam natin ang mga patakaran at mga aksyon na isinasagawa ng mga naghahari sa mga imperyalistang mga bansa upang mapawalang saysay ang pagtigil ng produksyon at ang mabilis na pagbagsak ng *stock market*.

Sa mga hindi mauunlad na mga bansa, laluna kung saan umiiral ang mga walanghiya at mapanupil na mga rehimen, ginagamit ng tiraniko at korap na mga burukrata ang COVID-19 upang ibulsa ang mga pondong pampubliko sa halip na magbigay para sa mga kagyat na pangangailangan ng mga mamamayan. Anumang bagay o serbisyo na ibinibigay ay para lamang sa mga nasa kapangyarihan upang mapalakas pa ang kanilang pampulitikang kapangyarihan.

At pinakamasama pa, ginagamit ng mga isip-pasistang naghahari ang *lockdown* upang pahigpitin ang kanilang komand sa mga pwersang militar at pulisya ng estado upang ibayong pang itaguyod ang kaisipang sila ang mga tagapagligtas ng bayan sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga mapanupil na mga hakbangin.

**3. Ang tugon ng bayan sa pandemyang COVID-19**

Tama para sa mamamayan na gumamit ng mga *disinfectant*, magsagawa ng

*social distancing* at igalang ang mga patakaran sa *quarantine* at *lockdown* saanman ito ay kailangan sa harap ng COVID-19. Dapat na maging ligtas ang mamamayan mula sa labis na nakakahawang *virus* at makaiwas na mapinsala ang kalusugan ng iba pang mamamayan.

Ngunit pinanatili nila ang kanilang mga demokratikong karapatan na hilingin sa mga otoridad ng estado at kalusugan ang *mass testing* ng mga tao sa antas ng komunidad at paggagamot sa maysakit at ang paraan paano mabubuhay habang sila ay naka-*lockdown* at inalisan ng kanilang pinagkakabuhayan. Maaari silang maghapag ng kanilang mga reklamo upang magkamit ng mga positibong resulta para sa kabutihan ng lahat.

Sa isang positibong antas na pagkilala ng mga publikong opisyal sa kagyat na pangangailangan ng mga mamamayan at pagsisikap na tugunan ito, malinaw na ang mga panlipunang pangangailangan ay natutugunan ng mga patakaran at mga aksyon para sa kabutihan ng lahat at para kung sinuman ang mahigpit na nangangailangan. Ngunit malinaw mula pa sa simula na bigo ang kapitalismo sa harap ng pandemya. Ang kailangan ay ang diwa ng paglilingkod sa bayan at ang paghahangad ng sosyalismo.

Sa harap ng lubos na pagkabangkrote at anti-sosyal na karakter ng kapitalismo sa panahon ng pandemya, ang bayan at ang kanilang anti-imperyalista at mga demokratikong mga pwersa ay makatwirang humihingi ng pagbabago sa sistema mula kapitalismo tungong sosyalismo at dapat na tiyakin para sa lahat ang batayang kita upang mabuhay at ang mga panlipunang serbisyo tulad ng publikong kalusugan, pampublikong edukasyon at pampublikong pabahay.

Ang mas mataas pang mga pang-ekonomya at panlipunang mga kahilingan ay maaaring hilingin sa mga mauunlad na bansa, laluna sa mga imperyalistang mga bansa. Ang antas ng kaunlarang pang-ekonomya ay nagbibigay puwang sa substansyal na mga panlipunang pagbabago at maging sosyalismo. Ngunit siyempre, ang sumasagka ay ang mahilig sa karahasang kasakiman ng monopolyo burgesya na mas ginugusto pang supilin ang bayan o manalakay ng ibang mga bansa kaysa bumigay sa mga makatarugang pang-ekonomya at panlipunang mga kahilingan ng mamamayan.

Tingnan na lamang ang trilyong dolyar na ginagastos ng US sa kanyang mga *high-tech* na mga armas, base militar sa ibayong dagat at ang walang katapusang gera ng agresyon. Mas masama pa ang US Military forces kaysa

sa COVID-19 sa pagpatay sa mamamayan. Pinatay na nila ang 25 hanggang 30 milyong mamamayan mula noong matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

Ang malaking gastos militar ng US ay maaaring ilipat sa pagpapalawak at pagpapabuti ng serbisyong panlipunan. Mas pinakamahusay pa, kung ang mga mamamayang Amerikano ay magtatagumpay sa pagbabago ng sistema. Maaari nilang itayo ang isang sosyalistang lipunan na masagana, mapanlikha, makatarungan at mapayapa, kung tumigil na ang monopolyo burgesya sa paglahok sa lokalisadong panunupil at pagsasamantala at sa mga gerang agresyon at maramihang destruksyon sa ibayong dagat.

Sa kaso ng mga di maunlad, laluna ang mga pre-industriyal na mga bansa, ang ipinapataw na buwis sa mga mapagsamantalang mga uri ay maaaring lakihan pa sa halip na bawasan upang maisulong ang kaunlaran sa ekonomya sa pamamagitan ng pambansang industriyalisasyon at reporma sa lupa at magbigay ng mga panlipunang serbisyo sa larangan ng edukasyon, kalusugan, pabahay at iba pa.

Ngunit makakamit lamang ang makabuluhang mga reporma kung ang mamamayan ay may malakas na patriyotiko at progresibong mga pwersa upang patalsikin sa kapangyarihan ang mga pumipinsala sa bayan; at itaguyod yaong mga lider na nagtataguyod para sa kapakanan ng bayan. Pinakamabuti pa sa lahat, ang bayan at ang kanilang mga rebolusyonaryong mga pwersa ay magpursige para sa pagbabago ng sistema at kamtin ang pambansa at panlipunang paglaya tungo sa layunin ng sosyalismo.

Sa anumang krisis tulad ng pandemyang COVID-19, tumindig at lumitaw ang pinakamahuhusay ng bayan at ang kanilang mga organisadong mga pwersa. Ang mga panlipunang aktibista ng bayan ay humihiling pabor para sa bayan at ginagawa nila ang lahat para pukawin, organisahin at pakilusin sila para sa kagalingan ng lahat. Nakakaipon sila ng karanasan at lakas para sa paglulunsad ng anti-imperyalista at demokratikong pakikibaka tungo sa layunin ng sosyalismo.

Sa antas ng mga komunidad, lumilikha sila ng mga paraan para magkaroon ang mamamayan ng pagkain, masisilungan at atensyong medikal at lumahok sa mutwal na pagtutulungan. Nananawagan sila para sa mga donasyon mula sa makakapagbigay nito. At hindi sila binabayaran para sa boluntaryong gawain na kanilang ginagawa. Ang mga aksyon na ginagawa nila para

sa kagalingan ng lahat sa ilalim ng kalagayang pakikibaka sa pandemya ay paraan para makakuha ng suporta ng publiko at pagpapalakas ng mga organisadong mga pwersa.

Sa ilang bansa,  kung saan ang mga mamamayan at may mga rebolusyonaryong kilusan laban sa naghaharing sistema, ang mga namumunong rebolusyonaryong mga partido ay tumugon sa panawagan ng UN *secretary general* para sa isang pandaigdigang tigil putukan upang labanan ang pandemyang  COVID-19. Sa mga bansang ito, ang rebolusyonaryong kilusan ay may mga organisasyong nag-aasikaso sa mga pang-ekonomya at pangkalusugang pangangailangan ng mamamayan.

Bilang resulta ng pandemya nalantad  ang nakaririmarim na karakter at kapabayaan ng pandaigdigang kapitalistang sistema.  Kahit matapos ang pandemya, ang sistematikong  krisis ay magpapatuloy at lalala kapwa sa mga imperyalista at hindi imperyalistang mga bansa.  At ang mga rehimeng anti-mamamayan at mga lider sa maraming mga bansa ay mananagot at kasusuklaman bilang mga kaaway ng mamamayan hindi lamang dahil sa maling pagharap at pagpapalala sa pandemya kundi sa pagpapatuloy sa isang hindi makatarungang sistema.

Subalit saanman sila naroon, ang mga rebolusyonaryong kilusan ng mamamayan ay ibayong lalakas at makakaabante.

Saanman  wala sila, sila ay mag-aalsa at maglulunsad ng rebolusyonaryong pakikibaka.  Ang pandaigdigang kapitalistang sistema ay magpapatuloy na tatamaan ng krisis sa ekonomya at pulitika at ang mga krimen nito ay lilikha ng mas paborableng mga kondisyon para sa pagsulong ng mga rebolusyonaryong kilusan para sa pambansang pagpapalaya, demokrasya at sosyalismo.

**Malayang salin ng RIB sa ilalim ng KARED-TK**
**2020**